Laganap sa kalangitan ang kanyang kadakilaan,
At nagsisikip sa sanlibutan ang pagpuri sa kanya.

Darating siyang singliwanag ng kidlat,
Gumuguhit mula sa kanyang kamay;
At doon natatago ang kanyang kapangyarihan.
Lumabas ka para iligtas ang iyong bayan,
At ang haring pinahiran mo ng langis.

Dumaan kang nakasakay sa iyong mga kabayo sa gitna ng karagatan,
Anupat tumaas ang malalakas na alon.
Narinig ko ito at ang aking buong katawan
ay nanginig, nangatal ang labi ko.

Nanghina ang aking mga buto,
At naging mabuway ang aking paghakbang.
Mapayapa kong hihintayin ang takdang panahon
Ang pagpaparusa ng Diyos sa umapi sa amin.

Bagama't di namumunga ang punong igos
At hindi rin namumunga ang puno ng ubas,
Kung ang pamumunga ng olibo'y mabalam
At walang anihin sa mga bukirin.

Kahit mamatay ang mga tupa sa kulungan
At daanan ng salot ang bakahan sa mga silungan.
Mananalig pa rin ako sa PANGINOON;
Ako'y magagalak dahil sa Diyos ng aking kaligtasan.

Ang Diyos na PANGINOON ay aking lakas;
Tumatakbo akong simbilis ng usa,
At iniingatang ligtas kahit sa kabundukan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Kahit sa iyong pagkagalit, Panginoon, habag mo'y makakamit.

*Antipona 3*

Purihin ang Panginoon, O Jerusalem!

